


C.Y. 2022 -2024

BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT PLAN (BDRRMP)

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMBANSANG PUNONG REHIYON
LUNGSOD NG QUEZON
BARANGAY BAGUMBAYAN



MENSAHE NG PUNONG BARANGAY

“Isa para sa lahat, lahat para sa isa”. Madalas tayo ay nakakaranas ng iba’t ibang kalamidad sa ating bansa. Matinding pagbaha dulot ng bagyo, lindol at sunog. Ngunit gaya nga ng salawikain sa simula, makakaya at malalampasan ang lahat ng kalamidad na ito kapag tayo ay nagkakaisa at nagtutulungan sa pagharap nito.

Nang magkaraon ng Barangay Disaster, Risk and Reduction Management Committee (BDRRMC) na itinatakda sa Seksyon 12 ng *Republic Act 10121 o tinatawag na Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010*, agad tayong nagbuo ng komite na ito. Pangunahing layunin nito ang mangasiwa at manguna sa mga gawaing pangkaligtasan ng ating komunidad. Ang naturang komite ang siyang mangunguna sa pagpapatupad ng mga



programa at gawain sa loob ng ating barangay upang mapangasiwaan ang pagpapababa ng mga posibleng epekto ng naka-ambang panganib o ng disaster sa mga tao, sa mga tirahan at sa mga pangunahing hanapbuhay at sa iba pa.

Napakahalaga ang tungkulin at responsibilidad ng mga namumuno sa ating barangay, at bilang inyong Barangay Chairman lubos akong nagpapasalamat sa mga frontliners ng BDRRMC na matapang na hinaharap ang mga kalamidad upang matulungan at mailigtas lamang ang ating mga kabarangay. Mataas ang peligro ng pagsuong sa mga kalamidad, ngunit sa kabila nun, matapang pa rin nating hinaharap ito alang-alang sa ating mga kabarangay.

Dahil sa pagbuo ng organigram, matutugunan ang pangangailangan ng mga naapektuhan ng kalamidad. Maraming salamat at patuloy ang pagtulong ng ating pambansang pamahalaan, pamahalaang lokal, lalo na sa ating masipag at mapagkalinga na Mayor Josefina “Joy” Belmonte at Konseho ng Lungsod Quezon.

Nariyan din ang mga private sectors/ stakeholders at non-government organization (NGO) lalo na ang Eastwood City Association na nasasakupan ng barangay. Maging indibidwal na gustong tumulong ay nakakarating kaagad sa ating mga kabarangay.

Higit sa lahat ang palaging humingi tayo ng saklolo sa Poong Maykapal dahil Siya lamang ang makakatulong sa atin sa gitna ng mga kalamidad. Mabuhay ang Barangay Bagumbayan, Mabuhay tayong lahat!



PB Alex V. Cruz

TALAAN NG NILALAMAN

I. Mensahe ng Punong Barangay	i
II. Talaan ng Nilalaman	ii
III. Listahan ng Talahanayan	iv
IV. Listahan ng Larawan	v
V. Daglat o Acronym	v
VI. Introduksyon	1
VII. Tunguhin, Misyon at Mithiin	2
VIII. Pangunahing Impormasyon	3
Anyong Pisikal, Pangkapaligiran at Kalupaan.....	3
Lokasyon at Hangganan	3
Bilang ng mga pamayanan/kalye sa Barangay Bagumbayan.....	3
Zoning Classification.....	4
Populasyon.....	4
Pamamahayan.....	5
Bilang ng mga Pribadong Subdibisyon/Private Subdivision.....	5
Kabuhayan at Yamang-tao.....	5
Pagsasanay Pangkabuhayan at Pagkakakitaan (LivelihoodProjects).....	6
Mga Samahan ng mga Mamamayan	7
Panlipunang Institusyon	7
Imprastruktura at Pasilidad.....	8
Mga serbisyo sa komunidad.....	9
IX. Istrukturang Pang-DRRM	11
Organigram.....	12
Command and Control.....	13
Tungkulin at Responsibilidad.....	14
X. Pagtatasa ng Kalagayan sa Komunidad (Community Risk Assessment)	16
Barangay Disaster Risk Profile.....	16
Mga Naganap na Kalamidad (Disaster Timeline).....	17
Mga Bantang Panganib (HAM)	19
Mga Lugar na Madalas apektado ng Pagbaha, Sunog at Lindol.....	20
Mga Matataas na Lugar at “prone” sa kalamidad.....	23
Mga pagsasanay ng BDRRMC.....	26
Summary of Vulnerability and Capacity Analysis.....	27



XI. Contingency Plan	29
Sistema ng Maagang Babala.....	29
Paglikas	31
Relief & Delivery Operation.....	31
Panganib na Pagpaplanuhan: Sunog.....	34
Mga Scenario o Tagpo.....	34
Mga Mithi at Layunin.....	39
Saklaw at Limitasyon.....	40
Imbentaryo ng mga Pangangailangan at Gawain (Needs and Activity Inventory).....	41
Needs Projection and Resource-Gap Identification.....	42
Activation, Deactivation, & Non-activation.....	44
XII. Tematikong Pagpaplano (Programa, Proyekto at Aktibidad)	46
Prevention and Mitigation.....	46
Disaster Preparedness.....	49
Emergency Response.....	53
Rehabilitation and Recovery.....	56
Pag-iwas at Pagbawas.....	59
Paghahanda.....	61
Responde.....	64
Pagbangon at Rehabilitasyon.....	66
XIII. Annex at Kalakip na Dokumento	68
NDRRMC Memo Circular #1, series of 2018.....	68
Barangay Resolution No 826 Series of 2022.....	69
XIV. Mga Pinaghalawan	72



Listahan ng mga Talahanayan

- Talahanayan 1: Bilang ng kalye
- Talahanayan 2: Mga gamit ng Lupa
- Talahanayan 3: 2016 National Statistics Office Survey
- Talahanayan 4: Informal Settlers. Source: Barangay Census 2020
- Talahanayan 5: Bilang ng mga Pribadong Subdibisyon/ Private Subdivision
- Talahanayan 6: Pagsasanay at kabuhayan
- Talahanayan 7: Bilang at Pangalan ng mga Samahan ng mga Mamamayan
Barangay
- Talahanayan 8: Paaralan at simbahan
- Talahanayan 9: Mga istruktura sa komunidad
- Talahanayan 10: Pangunahing Serbisyo ng Barangay.
- Talahanayan 11: Antas ng peligrong kakaharapin ng barangay.
- Talahanayan 12: Elements at Risks (bagyo at baha)
- Talahanayan 13: Elements at Risk (pandemic)
- Talahanayan 14: Elements at Risk (Lindol)
- Talahanayan 15: Imbentaryo ng mga natanggap o nakuhang pagsasanay ng mga
miyembro ng BDRRMC
- Talahanayan 16: Resulta ng Vulnerability and Capacity analysis.
- Talahanayan 17: Sistema ng Maagang babala
- Talahanayan 18: Plano ng barangay sa paglikas.
- Talahanayan 19: Pamamahagi ng Relief
- Talahanayan 20: Mga kagamitan pang-barangay na magagamit sa panahon ng
mga kalamidad.
- Talahanayan 21: Anatomiya ng mga Insidente ng Sunog sa Barangay
Bagumbayan.
- Talahanayan 22: CP Form 3A – Scenario Generation for Fire Incidence in Brgy.
Bagumbayan
- Talahanayan 23: CP Form 3B – Scenario Generation for Fire Incident in Barangay
Bagumbayan
- Talahanayan 24: CP Form 4A – Affected Population During and After Fire
Incidence in the Barangay
- Talahanayan 25: CP Form 4B – Estimated Affected Individuals During and After
Fire Incident Based on Total Number of Populations
- Talahanayan 26: CP Form 6 – Needs and Activities Inventory

Listahan ng mga Larawan

- Larawan 1: Barangay Bagumbayan satellite map
- Larawan 2: Community Risk Assessment Workshop
- Larawan 3: Malawakang pagbaha dahil sa Ondoy sa Barangay Bagumbayan
- Larawan 4: Sunog sa Boxboard Phil. Inc. Nobyembre 14, 2015 Obrero St. Bagumbayan
- Larawan 5: Barangay Bagumbayan Quarantine Facility (Basketball Covert Court)
- Larawan 6: Ilan sa mga lugar na mapanganib dulot ng malakas na pag lindol at sunog sa Barangay Bagumbayan
- Larawan 7: Ground shaking hazard map. Source: PGS
- Larawan 8: West Valley Fault 5-Meter Buffer Zone Map
- Larawan 9: Ilan sa mga lugar na maapektuhan pag may baha at sunog (Manggahan Extension, Sapang Bato, Mercury Avenue, Obrero St. at Tawiran Ext)
- Larawan 10: Flood hazard map ng Barangay Bagumbayan. Source: PGS
- Larawan 11: Hazard map para sa sunog. Source: PGS

Mga Daglat / Acronym

AFP	Armed Forces of the Philippines
AOR	Area of Operation
BCRD	Barangay Community Relation Department
BDRMMC	Barangay Disaster Risk Reduction and Management Council
BDRRMP	Barangay Disaster Risk Reduction and Management Plan
BEOC	Barangay Emergency Operations Center
BERT	Barangay Emergency Response Team
BFP	Bureau of Fire Protection
BHERT	Barangay Health Emergency Response Team
BHW	Barangay Health Worker
BPSO	Barangay Public Safety Officer
CDP	Center for Disaster Preparedness
CP	Contingency Plan



Covid-19	Coronavirus 2019
CFAG	Community Fire Auxiliary Group
CRA	Community Risk Assessment
DPOS	Department of Public Order and Safety
DPWH	Department of Public Works and Highways
DRR	Disaster Risk Reduction
DRRM	Disaster Risk Reduction and Management
DSWD	Department of Social Welfare and Development
EOC	Emergency Operations Center
EPWMD	Environmental Protection & Waste Management Department
IC	Incident Commander
ICS	Incident Command System
IMT	Incident Management Team
LPG	Liquefied Petroleum Gas
MMDA	Metro Manila Development Authority
NSO	National Statistics Office (NSO)
OCD	Office of Civil Defense
PGS	Philippine Geographical Society
PDRF	Philippine Disaster Resilience, Foundation
PNP	Philippine National Police
PRC-QC	Philippine Red Cross - Quezon City
KONEK	Komunidad at Negosyo Tungo sa Katatagan
QCDRRMC	Quezon City Disaster Risk Reduction and Management Council
RDNA	Rapid Damage Assessment and Needs Analysis
WASH	Water, Sanitation & Hygiene



VI. Introduksyon

Ang Barangay Disaster Risk Reduction Management Committee o BDRRMC ay isang komite ng Barangay Development Council na itinatag sa Seksyon 12 ng **Republic Act 10121 o tinatawag na Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010**. Layunin nito ang mangasiwa at manguna sa mga gawaing pangkaligtasan ng mga taong nakatira sa komunidad. Ang naturang komite ang siyang mangunguna sa pagpapatupad ng mga programa at gawain sa loob ng komunidad o barangay upang mapangasiwaan ang pagpapababa ng mga posibleng epekto ng naka-ambang panganib o ng disaster sa mga tao, sa mga tirahan at sa mga pangunahing hanapbuhay at sa iba pa.

Kaugnay nito, ang BDRRMC ng Barangay Bagumbayan ay may mga pangunahing tungkulin batay sa mandato ng kasalukuyang batas:

1. Magsagawa ng gawain para sa paghahanda ng buong komunidad,
2. Maisakatuparan ng gawaing pag-iwas at pagbawas,
3. Matiyak ang mabilisan at ligtas na pagtugon sa mga sitwasyong ayon sa pangangailangan ang mga mamamayan, at
4. Maglunsad ng mga gawain para matiyak ang pagbangon at pagbabalik sa normal na buhay ng mga mamamayan.

Upang maisakatuparan ito, itinatag ang BDRRMC at ang mga nakapaloob na komite noong 2018 sa bisa ng Executive Order ng Barangay Blg. 007. Batay na din sa 2019 Guidelines on Contingency Planning ng Office of Civil Defence partikular sa pagbubuo ng mga rerespondeng grupo sa panahon ng emergency ay muling isinaayos ang istraktura ng pamamahala sa DRRM.

Inilalatag sa dokumentong ito ang Barangay Disaster Risk Reduction Plan 2022-2024 ng Barangay Bagumbayan, Lungsod Quezon.



VII. Tunguhin at Misyon

Vision

A sustainable and viable community project based on the needs of our constituents as guided by the city government, Responsible Leaders and NGO's.

(Tunguhin)

Napapanatili at makabagong proyekto ng pamayanan batay sa mga pangangailangan ng ating mga nasasakupan sa pamamagitan ng paggabay ng pamahalaang Lungsod Quezon, mga responsableng pinuno at sa tulong ng mga NGO's.

Mission

To enhance and uplift the basic services, provide good governance, protecting the environment and responsive to the needs of the constituents guided by the laws.

(Misyon)

Upang mapa husay at maiangat ang kalidad ng pangunahing mga serbisyo, magbibigay ng mahusay na pamamahala, pangalagaan at protektahan ang kapaligiran at tumutugon sa mga pangangailangan ng mga nasasakupan naaayon sa mga batas.




VIII. Pangunahing Impormasyon

A. Anyong pampisikal, pangkapaligiran at pangkalupaan

1. Lokasyon at Hangganan:

Mayroon kabuuang sukat ang Barangay Bagumbayan na 140,928.10 hektarya na nasasakupan na itinatag noong Abril 29, 1963 at matatagpuan sa lokasyon bilang # 55 San Roque Street sa legal na batayan sa paglikha ng Ordinansang Panlungsod bilang 5417 sa lungsod Quezon. Ang lokasyon ng Barangay Bagumbayan ay mula sa Silangan Ilog ng Marikina, hilagang gitnang bahagi ng Sapa ng Libis, kanlurang linya ng hangganan ng silangang bahagi ng White-Plains Subdibisyon at St. Ignatius Timog hangganang linya ng Lungsod Quezon at probinsya ng Rizal. Ang Bagumbayan ay nagdidiwang ng Kapistahan ng Poong San Roque tuwing ika-16 ng Agosto.



Larawan 1: **Barangay Bagumbayan satellite map**

2. Bilang ng mga Pamayanan/ Kalye sa Barangay Bagumbayan

Ang Barangay Bagumbayan ay nahahati sa 16 kalye na makikita sa Talahanayan 1. Ang mga residente dito ay napapangkat sa (class A-D) sa uri ng pamumuhay.

Talahanayan 1: **Bilang ng Kalye**

Bilang ng Kalye		
San Roque 1	Manggahan Extension	Sto. Thomas
San Roque II	Sapang Bato	Manggahan Proper
San Pablo I	J.M Basa Compound	CP Garcia Avenue (C5)
San Pablo II	Obrero	Economia
San Jose	Mercury Avenue	Sto. Nino
San Gabriel	Calle Industria	



3. Zoning Classification

Talahanayan 2: **Populasyon batay sa edad**

Uri ng Istruktura	Bilang/Porsyento
Residensyal	20%
Komersyal	30%
Industriyal	50%

Ang mga uri ng imprastruktura sa Barangay Bagumbayan ay nahahati sa tatlo; **residensyal** na kung saan matatagpuan ang ibat ibang uri ng kabahayan na yari sa semento at ang ilan ay yari sa mga kahoy at yero.

Ang **komersyal** na kung saan makikita ang iba't-ibang uri ng negosyo na matatagpuan sa Eastwood City, BPO, S&R, All Day Supermarket, Honda Cars at Isuzu Cars Incorporation.

Ang **industriyal** naman ay kung saan ay matatagpuan ang malalaking kumpanya na nakapalibot sa loob ng barangay tulad ng Mercury, El Corporation, Robina, D&L, Kalinisan Laundry, CRC, LF Logistics, Topy's Place at iba pa, na siyang pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay o trabaho ang mga residente ng Barangay Bagumbayan.

B. Populasyon

Ang kabuuang bilang ng populasyon ayon sa survey ng Department of Sanitation & Clean Up Works taong 2022 ng Barangay Bagumbayan ay 26,972. Ang bilang naman ng pamilya na nakatira dito ay umaabot sa bilang na 2,489 ayon naman sa National Statistics Office (NSO) survey at may kabuuang botante na may bilang na 8,250 ayon sa COMELEC. May dalawang lugar ng botohan, ito ay ang Bagumbayan Elementary School at ang Acropolis Subdivision na may 28 na presinto.

Ang nasabing datos o survey ay maaring magbago dahil sa mga residenteng umaalis, bumabalik, ipinanganganak at namamatay.

Talahanayan 3: **Mga impormasyon tungkol sa populasyon**

Bahagi ng Populasyon	Bilang
Populasyon	26,972 (Project population source: Department of Sanitation & Clean Up Works)
Pamilya	2,489 (Source: NSO)
Kabuuang Botante	8,250 (Source: COMELEC QC 2021)
Kabuuang Presinto	28
Botohang Lugar	Bagumbayan Elementary School/Acropolis Subdivision

C. Pamamahayan

Meron din na matatawag na “depressed areas” ang Barangay Bagumbayan, ito ay ang Sapang bato, Manggahan Extension, F. Manalo Bridge, Mercury Avenue, at Tawiran kung saan maraming naninirahan na “informal settlers” na nakatira sa tabing ilog. Makikita sa Talahanayan 4 ang bilang ng bawat pamilya sa mga nasabing lugar. Ang mga pamilya na naninirahan sa mga nasabing lugar ay karaniwang naapektuhan ng kalamidad tulad ng bagyo, lindol at pagbaha. Ang pamunuan ng Barangay ay agarang nagbibigay tulong serbisyo, pagkain at medical sa lahat ng taong naapektuhan ng kalamidad. Ilan sa mga problema sa “depressed areas” ay ang lumolobong populasyon, kawalan ng hanapbuhay at pagkakasakit dahil na rin sa sitwasyon at lokasyon ng mga bahay sa tabing ilog.

Talahanayan 4: **Informal Settlers. Source: Barangay Census 2020**

Lugar	Tinatayang bilang ng pamilya
Sapang Bato	135 Pamilya
Manggahan Extension	296 Pamilya
F. Manalo Brigade	4 Pamilya
Tawiran	10 Pamilya
Mercury Avenue	20 Pamilya

Bilang ng mga Pribadong Subdibisyon/ Private Subdivision

Ang Acropolis, JM BASA Compound at Meropoli ay ang ilan sa mga pribadong subdibisyon na nasasakupan ng Barangay Bagumbayan na naaabot ng serbisyo ng barangay dahil na din sa maayos na pakikipag-ugnayan sa bawat isa.

Talahanayan 5: **Bilang ng mga Pribadong Subdibisyon/ Private Subdivision**

Pribadong Subdibisyon	Bilang ng Kasapi
Acropolis	450 Pamilya
J.M Basa Compound	20 Pamilya
Metropoli	15 Pamilya

D. Kabuhayan at Yamang-tao

May ibat ibang uri o estado ng pamumuhay sa Barangay Bagumbayan na kung saan meron itong klasipikasyon. May mga negosyante, may ari ng paupahan at mayroong mga namamasukan. Dahil ito ay napapaligiran ng mga pabrika at ang sikat na Eastwood City, karaniwang hanap-buhay ng mga tao dito ay ang



“karinderya” o pagtitinda ng mga lutong ulam. Maraming mga call center agents ang dumadayo sa Barangay sa mga karinderya.

Maliit na barangay lamang ito, ngunit may sariling parokya, mababang paaralang pang elementarya, kooperatiba, botika, bayad center at laundry shops. Kaya’t masasabi nating magkahalo ang mga taong nakatira dito mga makalumang pamumuhay at modernong pamamaraan. Marami na rin ang mga tinatawag na “transcients” o mga nangungupahan dahil sa Eastwood City sila naghahanap buhay. Ang mga sumusunod ay ang bilang ng bawat pamilya sa iba’t-ibang pamayanan.

Pagsasanay Pangkabuhayan at Pagkakakitaan (Livelihood Projects)

Ang Barangay Bagumbayan katuwang ang Gender and Development committee (GAD) ay nangunguna sa pagsasanay sa mga interesadong mag aaral ng maikling kurso tulad ng housekeeping, paggawa ng atsara at siomai, cosmetology, paggawa ng sabon pampaligo at panghugas, at pagtimpla ng pabango para sa kanilang panghinaharap na kabuhayan.

Tumutulong din ang Barangay na mabigyan ng pagkakataong magtrabaho ang mga residente ng Bagumbayan sa mga kumpanyang nasasakupan sa pamamagitan ng pagbibigay ng referral sa mga nais mag-apply sa kumpanya at pagkakaroon ng job fairs.

Nagbibigay din ang Barangay ng pangkabuhayan “push cart” sa mga residenteng nais magnegosyo sa kanilang tahanan, kasama pa ang ilang mga ambulant vendor na tinutulungan ng barangay na makapag-hanapbuhay sa pamamagitan ng pagtitinda sa Economiya Alley.

Talahanayan 6: **Pagsasanay at kabuhayan**

Pagsasanay	Pang-Kabuhayan
Housekeeping Training	Push Cart
Siomai & Atchara Training	Food Stall sa Economia Alley
Soap making, Dishwashing & Fabric Conditioner	Bagumbayan Livelihood Program
Perfume Making	
Ambulant Vendor	



E. Mga Samahan ng mga Mamamayan

Ilan sa mga aktibong samahan sa Barangay Bagumbayan na may kinalaman sa transportasyon ay ang TODA at BALCUJODA. May samahan din ng senior citizen, solo parent, LGBTQ at Bagumbayan Cooperative na tumutulong at tinutulungan ng Barangay ayon sa kani-kanilang pangangailangan sa kanilang mga proyekto. Ang kooperatiba ng Bagumbayan ay tumutulong sa mga miyembro nito tulad ng pagbibigay ng serbisyo sa pagpapautang.

Talahanayan 7: **Bilang at Pangalan ng mga Samahan ng mga Mamamayan Barangay.**

Pangalan ng Samahan	Bilang ng Kasapi
1. BALCUJODA	50
2. TODA	231
3. SENIOR CITIZEN	1500
4. SOLO PARENT	35
5. BAGUMBAYAN LGBTQ	30
6. BAGUMBAYAN COOPERATIVE	1200

F. Panlipunang Institusyon

May iba-ibang antas ng paaralan mula pre-school, elementarya at kolehiyo na nasasakupan ang Barangay Bagumbayan, ito ay ang mga pampublikong paaralan tulad ng Bagumbayan Elementary School, YAKAP Daycare, Bagumbayan Learning Center, at mga pribadong paaralan tulad ng Thames International, Bannister Academy at Bright Sparke Academy.

Para sa pang sekondaryang eskwelahan, ang mga estudyante ay nag-aaral sa ibang lugar na malapit lamang sa Barangay tulad ng Camp Gen. Emilio Aguinaldo High School, Juan Sumulog High School, JP Laurel Sr. High School at Quirino High School.

Para naman sa relihiyosong sanggunian, may apat (4) na simbahan na nasasakupan ang barangay. Ito ay ang San Roque Parish na matatagpuan sa San Roque St, San Padre Pio Chapel, St. John Paul na nasa loob ng Eastwood City. Sakop pa rin ng Barangay Bagumbayan ang kapilya ng Iglesia ni Kristo na matatagpuan naman sa kalye ng San Pablo.



Talahanayan 8: **Paaralan at Simbahan**

Mga Paaralan	Relihiyosong Sanggunian
1. Bagumbayan Elementary School	1. San Roque Parish – Katoliko
2. Thames International School	2. Iglesia ni Kristo
3. Bannister Academy	3. St. Padre Pio Chapel – Katoliko
4. Bright Sparke Academy	4. St. John Paul Parish – Katoliko
5. Yakap Day Care	
6. Bagumbayan Learning Center	

G. Imprastruktura at Pasilidad

Ang Barangay Hall at Health Center ay nasa iisang lugar para sa mas mabilis na serbisyo. Ang Senior Hall o MultiPurpose Hall naman ay karaniwang ginagamit sa mga event, okasyon, at mga malalaking pagpupulong, nagagamit din ito sa panahon ng kalamidad para sa mga evacuees na galing sa Sapang Bato, at Manggahan Extension, at ang evacuation area naman ay matatagpuan sa Obrero St.

Ang mga paaralan naman ay matatagpuan sa San Roque Street (Bagumbayan Elementary School, Yakap Daycare, Bagumbayan learning Center) samantala ang Thames International ay matatagpuan sa Calle Industria, habang ang Bannister Academy naman ay nasa Circulo Verde.

Meralco at Maynilad naman ang pangunahing serbisyong ginagamit ng mga residente ng buong barangay para sa kuryente at tubig. Maging ang mga nakatira sa tabing-ilog o ang mga informal settlers ay may kanya- kanyang linya ng kuryente at tubig.

Talahanayan 9: **Mga istruktura sa komunidad**

Uri ng Imprastruktura	Bilang
Covered Court	1
Bulwagan ng Barangay o Barangay Hall	1
Multi-Purpose Building	1
Senior Citizens’ Hall	1
Day Care Center	2
Evacuation Centers	3

Pampublikong Paaralan (Public School)	1
Pribadong Paaralan (Private Schools)	4
San Roque Parish	1
Saint John Paul Parish	1
Saint Pio Chapel	1
Iglesia Ni Krsto (Kapilya)	1
Pribadong Ospital (Private Hospitals)	0
Barangay Health Centers	2
Libis Fly Over	1
Meralco Corporation	1
Manila Water Corporation	1
PLDT, Converge, Globe, Smart internet Service	1

H. Mga Serbisyo sa Komunidad

Ang educational assistance, free transport assistance at e-library na patuloy na binibigyang prayoridad ng punong barangay at ng konseho ay ang mga serbisyong binibigay ng Barangay Bagumbayan sa mga kuwalipikadong estudyante at mahihirap na pamilya o “indigent”.

Ang serbisyong medikal naman para sa senior citizen at persons with disabilities ay tuloy-tuloy na isinasagawa sa mga nakatalagang schedule (monthly/quarterly) na pang medikal.

At para naman sa kababaihan, may programa ang barangay na may iba’t ibang training na maaaring pag-aralan ng mga interesadong mamamayan para matuto at magamit ang kaalaman sa pangkabuhayan.


Talahanayan 10: **Pangunahing Serbisyo ng Barangay**

Edukasyon	<ol style="list-style-type: none"> 1. Educational Assistance 2. Free Transport Service 3. E-Library 4. Support PAPs (Program, Activities and Projects) of Bagumbayan Elementary School
Senior Citizen	<ol style="list-style-type: none"> 1. FBS 2. X-Ray 3. Free Maintenance (High-Blood/ Sugar) 4. Burial Assistance



Talahanayan 10: **Pangunahing Serbisyo ng Barangay**

Senior Citizen	<ul style="list-style-type: none"> 5. Medical Assistance 6. Hospital Assistance 7. Vaccines like anti-flu, pneumonia, etc. 8. Cataract operation
Medical (Bata/Matanda)	<ul style="list-style-type: none"> 1. Check-Up (Infant, Adult, Children) 2. Gamot 3. Medical & Hospital Assistance 4. Available Two Doctors 5. Ambulance Assistant 6. Vaccine (anti-flu, pneumonia)
Livelihood (Para sa Kababaihan)	<ul style="list-style-type: none"> 1. Program (Housekeeping, Bread Pastry, Dimsum & Cosmetology)
PWD	<ul style="list-style-type: none"> 1. Free Wheel chair, Cane, Crutches 2. Medical Assistance



IX. Istrukturang Pang-DRRM

A. Ang Pagbubuo ng BDRRMC

Ang Barangay Disaster Risk Reduction Management Committee o BDRRMC ay isang komite ng Barangay Development Council na itinatakda sa Seksyon 12 ng **Republic Act 10121** upang mangasiwa at manguna sa mga gawaing pangkaligtasan ng mga taong nakatira sa komunidad. Ang naturang komite ang siyang mangunguna sa pagpapatupad ng mga programa at gawain sa loob ng komunidad o barangay upang mapangasiwaan ang pagpapababa ng mga posibleng epekto ng naka-ambang panganib o ng disaster sa mga tao, sa mga tirahan at sa mga pangunahing hanapbuhay at sa iba pa.

Kaugnay nito, ang BDRRMC ng Barangay Talayan ay may mga pangunahing tungkulin batay sa mandato ng kasalukuyang batas:

1. Magsagawa ng gawain para sa paghahanda ng buong komunidad,
2. Magsakatuparan ng gawaing pag-iwas at pagbawas,
3. Magtiyak ng mabilisan at ligtas na pagtugon sa mga sitwasyong may kagyat na pangangailangan ang mga mamamayan, at
4. Maglunsad ng mga gawain para matiyak ang pagbangon at pagbabalik sa normal na buhay ng mga mamamayan.

Upang maisakatuparan ito, itinatag ang BDRRMC at ang mga nakapaloob na komite noong July 16, 2018 sa bisa ng Ordinansa ng Barangay Blg. 9 Batay na din sa 2019 Guidelines on Contingency Planning ng NDRRMC partikular sa pagbubuo ng mga rerespondeng grupo o response clusters sa panahon ng emergency ay muling isinaayos ang istruktura ng pamamahala sa DRRM noong March 7, 2022 sa pamamagitan ng Ordinansa o Resolusyon Blg. 2. Makikita sa Larawan 2 ang istruktura ng BDRRMC ng Barangay Talayan at ang kaakibat na mga reponsibilidad ng bawat komite at sub-komite:



B. Organigram

**BARANGAY BAGUMBAYAN DISASTER
RISK REDUCTION MANAGEMENT COMMITTEE (BDRRMC)**



Alex V. Cruz
PUNONG BARANGAY



Alfie Z. Mejia
KAGAWAD



Marcos M. Mejia
KAGAWAD



Rosalie C. Pastidio
KAGAWAD



Delfin Bituin
KAGAWAD



Lolit M. Quiza
KAGAWAD



Rosendo R. Lati
KAGAWAD



Christopher C. De Guzman
KAGAWAD




Rosanna R. Rillas
BRGY.S ECRETARY



Hitachi M. Maturan
BRGY. TREASURER



B. Command and Control



C. Tungkulin at Responsibilidad

1. **Responsible Official** – Ang mangangasiwa sa koordinasyon, pang-implementasyon ng mga desisyon, pagpapasya at pagsusubaybay sa mga kailangang gawin sa pamumuno ng Punong Barangay.
2. **Incident Commander** – Tungkulin na magbigay ulat sa punong barangay kung ano ang gagawing operasyon pagdating ng kalamidad sa mga lugar ng apektado nito. Pagpapatupad ng **Contingency Plan** kung ano mga tulong at pangangailangan tulad ng rescue team, medical team, supplies tulad ng pagkain at mga gamot sa mga apektadong lugar.
3. **Appropriation and Logistics Committee** – Magtatalaga ng pondo para sa pangunahing gagamitin sa kalamidad tulad ng bigas, canned goods, sanitary/hygiene kits, tubig, banig, kumot at iba pang pangangailangan.

Koordinasyon sa Local Government Unit. Ipaalam ang sitwasyon ng barangay, sa mga pangangailan nito at pagtanggap ng tulong sa ibat-ibang sector maging pribado o sa gobyerno

4. **Fire and Rescue Committee** – Magsasagawa ng paghahanap at pagsagip sa mga taong nakulong sa kanilang mga bahay tulad ng pagbaha, sunog at lindol upang makatiyak ang kaligtasan sa aming nasasakupan at paghahanda ng pangunahing kagamitan sa operasyon. Sila ay may mga kaukulang pagsasanay o training para sa mga sakuna.
5. **Communication Committee** – Magbigay ng tama, nasa oras at detalyadong impormasyon o babala sa komunidad para sa isang maaga, maagap at ligtas na pagdedesisyon kung ano ang nararapat na aksyon ng BDRRMC. Gagawin ang maaga at maagap na paglikas kahit wala pa ang bagyo o anumang nakaambang panganib. Sinisiguro na nagagamit nang maayos, tama at maagap ang sistema sa kagamitan ukol sa komunikasyon ng barangay sa panahon ng pagtugon. Nakikipag-ugnayan at nakikipag-tulungan sa iba pang subkomite ng BDRRMC at ahensya ng pamahalaang lokal patungkol sa kalagayan ng panahon at sitwasyon ng mga lugar sa panahon ng emergency.
6. **Peace and Order Committee** – Mangangalaga sa kaayusan at katahimikan ng komunidad sa panahon ng kalamidad. Tumitiyak na nasa maayos na kalagayan at kinalalagyan ang bawat kagamitan sa DRRM at ang mga relief goods. Sinisiguro ang seguridad ng team na ito ay laging isinaalang-alang ang mga karapatang pantao at kaligtasan sa alinmang gawain sa panahon ng disaster lalo na ang mga bulnerableng sektor tulad ng mga bata, kabataan, kababaihan, matatanda at mga may kapansanan.

- 7. Warning Committee** - Pagbibigay abiso o babala sa mga lugar ng apektadong kalamidad maging Natural Disaster O Man-made disaster tulad ng pagbaha, paglindol at sunog. Ang lahat ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan o paglalaganap impormasyon sa mga lihitimong ahensya ng LGU/QCDRRMO, NDRRMO at maging media network.
- 8. Transportation Committee** - Tiyakin na ang paraan ng transportasyon ay magagamit tulad ng emergency vehicle, ambulansya at fire truck ay nasa mabuting kondisyon upang magamit sa oras ng kalamidad.
- 9. Relief Committee** - Manguna sa pamamahagi ng maayos at sistematikong papamahagi ng pangangailangan ng mga tao sa loob ng evacuation center o maging sa kanilang mga tahanan. Makakapaghanap ng "outsource fund" kung paano dagdagan ang pondo ng barangay para sa mga relief goods.
- 10. Evacuation Committee** - Masiguro ang ligtas at maayos na lugar para sa mga apektado ng kalamidad at may sapat na suplay ng tubig, ilaw at palikuran.

Maaring magtalaga ang barangay ng "focal point person" upang masubaybayan ang tao at makapagbigay ng mga nakakalibang sa mga bata, senior citizen, at kababaihan tulad ng ehersisyo at psycho social services.
- 11. Medical Committee** - Tiyakin ang pagkakaroon ng pangunahing pangangailangan tulad ng gamot para sa bata at matanda. Magbigay ng first-aid at tulong medical alamin ang mga may sakit sa lugar ng evacuation center upang gumawa ng referral systems at i-endorso ang pasyente sa kalapit na ospital.
- 12. Supply Committee** - Alamin ang stock file o record ng barangay upang malaman kung kailangan ng dagdag na suplay kung may kalamidad. Siguraduhing mayroon magagamit na pondo o calamity fund ang barangay. Mag ulat sa Punong barangay sa estado ng suplay
- 13. Damage and Control Committee** - Magsasagawa ng pagsubaybay at update sa epekto ng kalamidad, mangunguna sa pagkilala at pagtugon sa mga sitwasyong pang-emergency. Magtipon ng data study at pag-aralan ang katayuan ng nasirang mga imprastraktura at iba pang epekto ng kalamidad sa barangay. Gagawa ng SWOT Analysis (Strength, Weaknesses, Opportunities and Threats) at sama-samang solusyunan ang mga naging weaknesses at threats at ipagpatuloy ang strength at opportunities.



X. Pagtatasa ng Kalagayan sa Komunidad (*Community Risk Assessment*)

Sa ilalim ng proyektong KoNeK na ipinatupad ng Philippine Disaster Resilience Foundation (PDRF), at sa teknikal na pagpapadaloy mula sa Center for Disaster Preparedness (CDP) at tulong sa pagmamapa ng Philippine Geographical Society (PGS) ay naisagawang muli ang pag-update ng community risk assessment (CRA) noong Nobyembre 18-20, 2018 na ginanap sa Barangay Hall ng Bagumbayan.



Larawan 2: **Community Risk Assessment Workshop**

Nilahukan ito ng mga kinatawan mula sa tanggapan ng Barangay, kinatawan ng mga organisasyon sa komunidad, person with disabilities, kababaihan, at senior citizens.

Sa isinagawang CRA, muling napag-aralan ang kalagayan ng barangay at natukoy ang mga bulnerabilidad na dapat isaalang-alang, gayundin ang mga kapasidad na magagamit ng barangay para sa pagpapabawas ng panganib o peligro sa komunidad. Inilalahad ng mga sumusunod ang resulta ng isinagawa.

A. Barangay Disaster Risk Profile

Ang mga sumusunod na paglalahad ay magpapakita ng kasalukuyang kalagayan ng Barangay Bagumbayan. Nakasaad dito ang mga naranasang kalamidad; mga kinakaharap na bantang panganib; mga mapa, mga maapektuhang elemento sa komunidad tulad ng populasyon, lugar, pasilidad, kagamitan, istruktura at kabuhayan, mga isyung kinakaharap ng mga sektor, mga nakuhang pagsasanay ng BDRRMC at ang pagsusuma ng mga bulnerabilidad at kapasidad ng komunidad.



Mga Naganap na Kalamidad (Disaster Timeline)

Larawan 3: **Malawakang pagbaha dahil sa Ondoy sa Bagumbayan**



1. Taong 2009 Septembre 26, sa ganap na ika-1:00 ng hapon isang malawakang pag-baha ang naganap sa buong kalakhang Maynila dahil sa bagyong Ondoy. Isa ang Barangay Bagumbayan sa apektado ng matinding pagbaha. Umapaw ang tabing ilog ng Santolan Pasig sa lugar at naapektuhan ang Obrero St., Manggahan Extension at Sapang Bato Area. May kabuuang 500 pamilya ang apektado sa loob lamang ng ilang oras. Sila ay inilikas at pansamantalang nanatili sa mga lugar ng evacuation area (Manggahan Multi-purpose, Basketball Court at Bagumbayan Elementary School).

Larawan 4-A: **Sunog sa Boxboard Phil. Inc. Nobyembre 14, 2015 Obrero St. Bagumbayan**



2. Isang malaking sunog ang naganap sa Barangay Bagumbayan noong Nobyembre 14, 2015 sa pabrika ng Box Board Manufacturing na umabot ng task force Charlie at halos pitong (7) araw upang tuluyang naapula ang nasabing malaking sunog. Ito ay natapos din sa tulong ng iba-ibang bumbero ng BFP at ilang fire volunteer groups. Halos natupok ang malalaking makina, forklift, delivery van at ilang mamahaling gamit sa loob ng nasabing pabrika. Puro mga kagamitan ang nasira at walang naiulat na namatay.






Larawan 4-B: **Sunog sa Boxboard Phil. Inc. Nobyembre 14, 2015 Obrero St. Bagumbayan**

3. Nagkaroon din ng sunog sa Manggahan Sapang Bato noong Setyembre 2018 at mayroong kabuang 20 na pamilya ang apektado sa nasabing insidente. Nagtulong-tulong ang Barangay Fire & Rescue volunteer, Bureau of Fire and Protection (BFP) at ang Cubao Zion Fire & Rescue Volunteer. Inilikas ang lahat ng apektadong pamilya na umabot ang tubig hanggang bubong ng kanilang bahay. Makikita sa larawan ang aktwal na nangyari. Wala namang naiulat na namatay sa mga kabarangay dahil sa kahandaan ng pamunuan.

4. Nagkaroon ng intensity 6.0 magnitude at naapektuhan ang ilang bahagi ng kalakhang Maynila. Ang Barangay Bagumbayan nagkaroon ng paglikas na tumagal ng ilang minutong pagyanig noong Abril 2019.

5. Sa taong 2020 buwan ng Marso, nagkaroon ng malawakang epidemya sa buong mundo; ito ang SARS-Cov-2 o Covid 19 virus at isa ang ating bansa ang malubhang naapektuhan. Bawat pamilya ay hinagupit ng matinding epekto ng pandemya na ito. Maging ang ekonomiya ng ating bansa ay bumagsak.



Larawan 5-A: **Barangay Bagumbayan Quarantine Facility (Basketball Covert Court).**





Larawan 5-B: **Barangay Bagumbayan Quarantine Facility (Basketball Covert Court).**

Sa tulong din Quezon City Government sa pangunguna ni Mayor Joy Belmonte ay namahagi din ng financial assistance katuwang ang DSWD at SSDD sa mga tsuper ng (PUJ), tricycle, maging sa mga vendors at displaced workers at food packs. Agaran din binigyan ng pansin ng barangay ang pagbibigay ng anti-flu at anti-pneumonia vaccine sa mga bata at senior citizens na kadalasan sila ang mabilis na apektado ng Covid-19 virus.

Mga Bantang Panganib (HAM)

Ang buong komunidad o Barangay ay nahaharap sa iba't ibang posibleng kalamidad na mapanganib tulad ng bagyo, baha, sunog at lindol. Batay sa mga descriptors sa ibaba, makikita sa talahanayan 11 ang talaan ng mga panganib at ang pagkakahanay nito ayon sa antas ng peligrong kakaharapin ng komunidad.

Talahanayan 11: **Antas ng peligrong kakaharapin ng barangay**

Peligro o Panganib	Probabilidad	Epekto	Basehan ng pagraranggo	Pagraranggo ayon sa antas ng peligro
SUNOG	5	5	5	1
BAGYO	5	5	5	1
BAHA	5	5	5	1
LINDOL	4	5	4.5	2



Descriptors ng Operation Listo


Probabilidad	Epekto
1 – Bahagya (most unlikely)	1 – Maaring isa-walang bahala (negligible)
2 – Mababa (low probability)	2 – Mababa ang Epekto (low impact)
3 – Maari (perhaps)	3 – Katamtaman ang Epekto (maintain impact)
4 – Mataas ang Probabilidad (high probability)	4 – Mataas ang Epekto (high impact)
5 – Magaganap (almost certain)	5 – Malawakang Kasiraan (devastating)

Mga Lugar na Madalas apektado ng Pagbaha, Sunog at Lindol


Ilan sa mga lugar na maaring tamaan ng pagbaha kapag may malakas na buhos ng ulan ay Obrero St., Manggahan Extension at Sapang Bato Area at may halos 600 na pamilya ang maapektuhan sa mga lugar na ito. Ang Barangay Bagumbayan ay nabibilang din sa daan ng West Valley Fault Line. Ito ay magdudulot ng malakas na pagyanig dulot ng paggalaw ng lupa na halos na may kabuuang 30% ng komersyal, 40% Industriyal at 30% residensyal ang maapektuhan. Ang Manggahan Extension, Sapang Bato, Manggahan proper, San Pablo I at II, Santo Nino St. ay gawa sa materyales na madaling masunog na lugar.



Larawan 6: Ilan sa mga lugar na mapanganib dulot ng malakas na pag lindol at sunog sa Barangay Bagumbayan (Eastwood city Along Carlos P. Garcia (C-5), Aspire Tower, Circulo Verde along Calle Industria Ave., at S & R / All Home All Day Supermarket Along Carlos P. Garcia (C-5 Road)).



Larawan 7: Ground shaking hazard map. Source: PGS




Larawan 8: West Valley Fault 5-Meter Buffer Zone Map






Larawan 9: **Ilan sa mga lugar na maapektuhan pag may baha at sunog (Manggahan Extension, Sapang Bato, Mercury Avenue, Obrero St. at Tawiran Ext.**



Larawan 10: **Flood hazard map ng Barangay Bagumbayan. Source: PGS.**



Ang Barangay Bagumbayan ay nagkakaroon ng pagbaha sa tuwing darating ang tag-ulan lalo na kung umaabot sa Typhoon Signal 3 na may tuloy-tuloy na pagbuhos ng ulan at biglaang pagtaas ng Tomana River patungong Marikina River. Ang mga mapanganib at mababang lugar ay ang mga sumusunod; Manggahan Extension, Sapang Bato, Mercury Ave. Tawiran at ilang bahagi ng Obrero St.



Larawan 11: **Hazard map para sa sunog. Source: PGS.**

Mga matataas na lugar at “prone” sa kalamidad

Kung pagbabasehan ang bilang ng mga naninirahan at ang mapa sa unang bahagi ng dokumento, lubhang mas mapanganib o peligroso ang mga nakatira sa Manggahan Extension, Sapang Bato at ilang bahagi ng Obrero St. San Pablo 1 at 2, kung may parating na bagyo at pagbaha, o kung magkakaroon man ng sunog dahil sa bukod sa nasa tabi ng ilog ay dikit-dikit pa ang mga kabahayan na gawa sa light materials. Kung sakali naman na magkakaroon ng malakas na paglindol ay tiyak na apektado din ang buong komunidad.



BAGYO AT BAHA:

Talahanayan 12: **Elements at Risks (bagyo at baha)**

Lugar na Maapektuhan	Mababa (Low)		Katamtaman (Medium)		Mataas (High)	
	Pamilya	Tao	Pamilya	Tao	Pamilya	Tao
MANGGAHAN EXTENSION					400	250
SAPANG BATO					200	400
OBRERO ST./ SAN PABLO 1 & 2					120	600
MERCURY AVENUE					20	60
KABUANG BILANG					740	1,310

SUNOG

Talahanayan 13: **Elements at Risk (Sunog)**

Lugar na Maapektuhan	Mababa (Low)		Katamtaman (Medium)		Mataas (High)	
	Pamilya	Tao	Pamilya	Tao	Pamilya	Tao
MANGGAHAN EXTENSION					50	250
SAPANG BATO					80	400
OBRERO ST./ SAN PABLO 1 & 2					120	600
MERCURY AVENUE			20	60	20	60
KABUANG BILANG			20	60	250	1,250



PANDEMYA (EMERGENCY HEALTH PUBLIC CRISIS):Talahanayan 14: *Elements at Risk (pandemic)*

Lugar na Maapektuhan	Mababa (Low)		Katamtaman (Medium)		Mataas (High)	
	Pamilya	Tao	Pamilya	Tao	Pamilya	Tao
MANGGAHAN EXT./ SAPANG BATO					600	3,000
SAN ROQUE 1&2					400	2,000
OBRERO ST./ SAN PABLO 1&2					500	2,500
MANGGAHAN PROPER					60	300
MERCURY AVENUE					20	100
ACROPOLIS					300	900
SAN JOSE/ SAN GABRIEL ST.					200	1,000
KABUANG BILANG					2,080	9,800

LINDOL:Talahanayan 14: *Elements at Risk (Lindol)*

Lugar na Maapektuhan	Mababa (Low)		Katamtaman (Medium)		Mataas (High)	
	Pamilya	Tao	Pamilya	Tao	Pamilya	Tao
EASTWOOD CITY						
BAGUMBAAN PROPER					3,243	16,213
CP GARCIA AVE (C5)					40	900
ACROPOLIS SUBDIVISION					500	2,500
KABUANG BILANG					3,783	19,613



Mga Pagsasanay ng BDRRMC

Talahanayan 15: *Imbentaryo ng mga natanggap o nakuhang pagsasanay ng mga miyembro ng BDRRMC*

ACTIVITY	DATE	SEMINAR	TRAINOR / AGENCY
Training for first responder	October 31, 2018	Basic life support/ and Ambulance Management	QCDRRMO
Distribution and manipulation of fire extinguisher	September 10, 2018	Awareness program for fire preparedness	BFP / Bagumbayan fire volunteer
Training for firefighter/medic crew	August 19, 2018	Certificate of competency - Fire fighting - Advance fire fighting - Rappelling - Basic Life Support (BLS)	BFP
Seminar for prevention and proper use of chemicals for dengue	August 2018	Anti-dengue/leptospirosis	City Health Department
Simulation earthquake drill Bagumbayan Elementary School (BES)	December 19, 2018	Earthquake Preparedness seminar	PDRF
Awareness of Saving Life for Family Preparedness Identifying Hazard Area	April 2, 2019	- 3d mapping - BLS - Business Continuity	PDRF
Training orientation fire medic crew	July 26, 2018	BLS	PDRF / QCDRRMO
Collapse Infrastructure	July 23, 2019	Earthquake & Landslide & search & Rescue Orientation Course (ELSAROC)	MMDA
Preparation of Brgy. Contingency Plan	January 7, 2019	Contingency Plan for disaster prone area	QCDRRMO
Rapid Assessment Program	November 18-20, 2019	Rapid Damage Assessment and Needs Analysis (RDANA)	QCDRRMC
